# Ano ang maitutulong ng mga negosyo?

Te Korowai Whetū
Social Cohesion



## Pagiging kabilang sa negosyo

Tumutulong ang mga negosyo sa pagbuo ng social cohesion, tumutulong sa mga tao na madamang kabilang sila, madamang kasali sila, naipapakita ang totoo nilang sarili at nakikilahok sa lipunan. Lumilikha ang mga negosyo ng inklusibong kultura sa trabaho sa pamamagitan ng mga gawi sa pagtatrabaho. Nagagawa nilang lubos na makalahok ang mga tao sa kanilang mga komunidad at lipunan sa pamamagitan ng pagpapasahod sa kanilang mga kawani at naiibsan nila ang pinansyal na kahirapang “mapaghusto ang pera”. Ipinapakita ng ebidensya na may pangkabuhayang benepisyo ang pagkakaiba-iba at pagiging inklusibo gaya ng mas dumaming inobasyon sa lugar ng trabaho.

Tayong lahat ay magkakaiba ngunit gusto nating makisamang mabuti, ipagdiwang ang ating pagkakaiba-iba at igalang ang isa’t isa kahit hindi tayo sang-ayon sa kanila. Mahalaga ito dahil hindi lahat ay nakadarama na magagawa nilang maging totoo sa kanilang sarili o nagtitiwalang pakikinggan ang kanilang sasabihin.

Lalo tayong nagiging isang bansang may pagkakaiba-iba kung saan ang ating mga negosyo ay nagsisilbi sa maraming iba’t ibang komunidad. Kailangan nating humanap ng mga paraan upang pakinggan at marinig ang isa’t isa. Nais nating tumuon sa pag-unawa ng ating mga pagkakaiba at kalakasan at pagsikapang gawin ang makapagbubuklod at mas makapaglalapit sa atin.

## Pagiging kabilang
# ang anyo nito

Sa isang lipunan kung saan nagkakasundoang mga tao, kilala natin ang isa't isa, kilala natin ang ating mga kapitbahay, dama nating tayo ay kasali sa ating lugar ng trabaho, dama ng ating mga anak na bahagi sila ng ating mga komunidad at alam natin kung saan tayo pupunta upang humingi ng tulong kung kailangan natin ito. Dama natin na kaya nating makipag-usap sa mga taong hindi natin karaniwang nakakusap, magsalita kapag narinig nating nagsasabi ng mga bagay na mapangdiskrimina ang mga tao, at dama nating malaya tayong makakapagbahagi kung sino tayo, saan tayo nanggaling, at paano natin ginagawa ang mga bagay-bagay. Wala tayong iiwan sa isang krisis – kabilang ang lahat.

## Pagbuo ng higit pang pagkakabilang
# – ano ang iyong magagawa

**Kaya, ano ang ating magagawa sa mga negosyo upang tulungan ang mga manggagawa, kustomer at kliyente na maging kabilang, tanggapin ang pagkakaiba-iba, makilahok,magtiwala sa iba, madamang may-ugnayan at iginagalang?**

### Pagiging kabilang, pagtitiwala sa iba

- pag-isipan kung paano magagawang mas maa-access ng magkakaiba-ibang grupo ang mga trabaho.
  - mag-anunsiyo ng mga trabaho sa pamamagitan ng mga pangkomunidad na network, organisasyon, istasyon ng radyo, podcast, plataporma sa social media, magkakaibang hanay ng mga pahayagan at channel ng telebisyon para sa partikular na mga manonood
- pag-isipan ang madaling pag-access sa ibinibigay na mga serbisyo at kalakal.

- kung ang iyong negosyo ay isinasagawa online, maaari ba itong ma-access ng mga may kapansanan sa paningin? Kung ang iyong negosyo ay may tindahan o opisina na napapasukan ng publiko, ito ba ay maaaring ma-access ng mga taong may kapansanan sa pagkilos?

## Pagtanggap sa pagkakaiba-iba, madamang iginagalang

- pahalagahan ang pagkakaiba-iba at lumikha ng mga inisyatiba upang suportahan ang pagkakaiba-iba.
  - kilalanin ang mga pagdiriwang at kaganapan na mahalaga sa mga kawani, hikayatin silang ipakita sa trabaho ang tunay nilang sarili, at magbigay ng mga oportunidad upang makaambag sila sa serbisyo at pagdisenyo ng mga produkto
- suportahan ang mga manggagawa upang makilala ang isa't isa (whakawhanaungatanga).
  - maglaan ng oras sa araw o linggo upang magsama-sama bilang isang pangkat o bilang magkakatrabaho para makilala ang isa't isa. Maaaring ito ay meryenda sa umaga o hapon, o bahagi ng araw sa labas ng negosyo
- itaguyod ang pinakamahusay na gawi sa pamamagitan ng taunang mga gantimpala sa kahusayan sa negosyo, kung saan pinahahalagahan ang magkakaiba-ibang kontribusyon, at ipinagdiriwang ang inklusibong mga lugar ng trabaho.

## Madamang kaugnay

- humiling at itaguyod ang pakikipag-usap sa mga komunidad na maaaring magbahagi ng naiibang mga pananaw sa pagsulong ng unawaan.
- gamitin ang mga focus group upang subukan ang mga bagong produkto at serbisyo at humanap ng mga focus group mula sa iba't iba at mga komunidad na may pagkakatulad.

## Pakikilahok

- masagawa ng karagdagang pakikipag-ugnayan sa mga network at unyon ng mga empleyado
- tiyaking alam ng lahat ng mga manggagawa ang kanilang mga karapatan:
  - Maglagay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan sa pagtatrabaho sa mga handbook sa pagtatalaga sa tungkulin (induction), mga panloob na forum ng mga kawani at mga network ng pakikipagkomunikasyon.
- suportahan ang mga manggagawa na makilahok sa mga kaganapang pangkultura, pangkomunidad, pambayan at pampamilya.
  - hikayatin o ipagdiwang sa opisina ang mga pakikipag-ugnayang pangkultura, pangkomunidad o pambayan. Maaaring ito ay mga kaganapang meryenda sa umaga o hapon.
  - Hikayatin ang mga kawani na maglaan ng oras upang dumalo sa mga kaganapang pampamilya at mga pagdiriwang na pangkultura o pangkomunidad
- itaguyod ang pagtatrabaho ng mga migrante sa mga negosyo – tumulong sa paghahanda sa pagsulat ng CV, mga kasanayan sa interbyu, karanasan sa trabaho sa NZ at makabuluhang pagtatrabaho na may kasunod na pagme-mentor
- itaguyod ang pagtatrabaho ng mga kabataan sa mga negosyo – tumulong sa paghahanda sa pagsulat ng CV, mga kasanayan sa interbyu, angkop na pagsasanay, access sa pagkuha ng lisensya sa pagmamaneho at makabuluhang pagtatrabaho na may kasunod na pagme-mentor
- itaguyod ang pagtatrabaho ng mga taong may kapansanan sa mga negosyo – tumulong sa paghahanda sa pagsulat ng CV, mga kasanayan sa interbyu, at makahulugang pagtatrabaho, na may kasunod na pagme-mentor

- magpatupad ng programang tulad ng Chamber Drive – na sumusuporta sa 5000 indibidwal upang makakuha ng kanilang lisensya sa pagmamaneho. Ang isang taong may lisensya sa pagmamaneho ay pitong beses na mas malamang makakuha ng trabaho.
- magpatupad ng mga programang pag-me-mentor sa negosyo upang suportahan ang dumaraming bilang ng mga tao na nagnanais magsimula ng sarili nilang negosyo.
- magbigay ng mura o walang bayad na promosyonal na mga plataporma para sa mga may-ari ng negosyo upang ianunsyo ang mga oportunidad sa trabaho sa iba pang mga negosyo at sa kanilang mga network sa social media
- mag-alok ng mga kaganapan at aktwal na aktibidad, online at maa-access para ang mga negosyo ay makapag-ugnayan at makapag-network sa isa't isa at sa kanilang mga komunidad.

Te Korowai Whetū
Social Cohesion